

## **Imagine, Embody Engage**

### **Kaisipan Kalooban, Pakikipag-ugnayan**

Mensahe ng Dekano para sa Freshie Orientation 2020

Hulyo 29, 2020 Zoom Meeting

Una sa lahat, isang pagbati sa inyong lahat sa inyong tagumpay na pagpasok sa Kolehiyo ng Musika. Ito ay bagay na dapat ninyong ipagbunyi at ipagpasalamat. Huwag na huwag ninyong isispin, o pabayaang sabihin ng iba na ang kurso nyo ay “music LAMANG”. Magiging bahagi kayo ngayon ng isang marangal na institusyon na syang umaruga sa mga dakilang artista ng bayan – Nicanor Abelardo, Francisco Santiago, Jovita Fuentes, Felipe de Leon, Jose Maceda, Andrea Veneracon, Ramon Santos, Ryan Cayabyab – at daan daan pang mga musikong humubog nang ating kultura at kamalayan. Higit pa, kayo ngayon ay kabilang sa mga Iskolar ng Bayan – matatapang, matatalino, walang takot kahit kanino. Kaya’t wag na wag ninyong sasayangin ang pambihirang pagkakataong pinagkaloob sa inyo. Kahit pa sa gitna ng matinding salot na atin ngayong nararanasan (alam nyo na kung ano at sino ang salot).

Sa umagang ito, gusto kong ibahagi sa inyo ang panawagan namin sa aming komunidad dito sa College of Music – at ito rin ang ibig naming maging inyong sagisag at patnubay. Sa Ingles –

IMAGINE, EMBODY, ENGAGE. Imagine your music, embody your vision, engage the world. Kung isasalin natin sa ating wika, Kaisipan, Kalooban, Pakikipag-ugnayan.

Imagine your music. Sa paghubog ng isang ganap na artista, importante ang talento – ang taal o likas na kakayanan. Ngunit higit dyan ay mahalaga ang mayamang imahinasyon – ang kakayanang mangarap. Ang lahat ng tagumpay, gaano mang katayog, ay nagsimula sa munting pangarap. Wala nang mas kalulunos-lunos pa bukod sa kawalan ng kakayanang mangarap. Sa kasamaang palad, ganyan ang sitwasyon ng nakararami sa ating mga kababayan. Huwag kailanmang hawayaan ipag-kait sa inyo nino man, ng anumang sitwasyon, ang kakayahang mangarap. Kung walang imahinasyon, walang inobasyon, walang pag-unlad, walang kinabukasan. Anong uri ng mundo ang iyong pinapangarap? At ano ang bahagi ng iyong musika sa iyong mundong pangarap?

Embody your vision. Ang susunod na hakbang ay ang pagsasalob ng inyong bisyon o pangarap. Mahirap ang inyong pagdadaan. Gusto ko na kayong pangunahan na pawis at luha ang magiging puhunan. Madali ang mawaglit, lalo na sa gitna nang krisis gaya ngayon, at pagnabatid ninyong hindi pala madali sa loob ng UP at ng College of Music. Sab inga ni Carl Jung:

"Your vision will become clear only when you look into your heart. Who looks outside, dreams. Who looks inside awakens."

Ang pangako ko naman sa inyo ay magiging katuwang ninyo ang inyong mga guro, mga kawani at kapwa estudyante sa paglalakbay ninyo dito. Isa itong malaking hamon sa ating lahat dahil sa distance learning – gayunpaman, makaka-asa kayo sa pag-agapay naming.

Engage the world. Para saan ba kayo nangangarap? Ano ba ang layunin ng inyong pagpupunyagi? Para kanino ba ang iyong muika? Simple lang naman ang misyon ng UP College of Music – ang baguhin ang mundo. Baguhin ang daigdig, ang bayan, ang pamayanan, ang paligid sa pamamagitan ng ating mga tunog, tinig at galaw. Mangyayari lamang yan kung patuloy tayong makikipag-ugnay sa ating mundong ginagalawan.

Imagine your music, embody your vision, engage the world.

Muli, isang mainit nap ag bati at pagtanggap sa inyong lahat!

LaVerne de la Peña, PhD

Dekano